Cour Pénale Internationale
International Criminal Court

# Impormasyon tungkol sa Rekord ng Kaso

Kalagayan sa Republika ng Pilipinas

Isinasapanahon: Hunyo 2026

## *Ang Tagausig laban kay Rodrigo Roa Duterte*

ICC-01/21-01/25

**Pinaghihinalaan tungkol sa mga krimen laban sa sangkatauhan na pagpatay at tinangkang pagpatay, na umano'y ginawa sa Republika ng Pilipinas sa pagitan ng ika - 1 ng Nobyembre 2011 at ika - 16 ng Marso 2019. Isinuko sa kustodiya ng Internasyonal na Korte para sa Krimen (ICC) noong ika - 12 ng Marso 2025. Ang Pagdinig hinggil sa Kumpirmasyon ng mga sakdal ay nangyari noong ika - 23 – 27 ng Pebrero 2026. Ang mga sakdal ay kinumpirma noong ika - 23 ng Abril 2026. Ang pagsisimula ng paglilitis ay nakatakda sa ika – 30 ng Nobyembre 2026.**




### Rodrigo Roa Duterte

**Petsa ng Kapanganakan:** ika - 28 ng Marso 1945
**Nasyonalidad:** mamamayan ng Republika ng Pilipinas
**Mga katungkulan noong panahon ng umano'y mga krimen:** Pangulo ng Pilipinas, Alkalde ng Lungsod ng Davao, Pangalawang Alkalde ng Lungsod ng Davao, at umano'y Tagapagtatag at Pinuno ng Pulutong ng Kamatayan sa Davao "(Davao Death Squad ('DDS')"
**Mandato ng Pag-aresto:** inilabas noong ika - 7 ng Marso 2025
**Isinuko sa Kustodiya ng ICC:** ika - 12 ng Marso 2025
**Unang pagharap sa Korte**: ika - 14 ng Marso 2025
**Pagdinig hinggil sa Kumpirmasyon ng mga sakdal:** ika - 23 - 27 ng Pebrero 2026
**Desisyon hinggil sa Kumpirmasyon ng mga sakdal:** ika – 23 ng Abril 2026
**Pagsisimula ng paglilitis:** nakatakda sa ika – 30 ng Nobyembre 2026

### ANG MGA SAKDAL

- Si Ginoong Duterte ay pinaghihinalaang sangkot sa 3 bilang ng krimen laban ng sangkatauhan na umano'y nagawa na hindi bababa galing ng ika - 1 ng Nobyembre 2011 hanggang ika - 16 ng Marso 2019 sa Pilipinas:
    - Bilang 1: Mga Pagpatay sa o sa paligid ng Lungsod ng Davao habang sa panahon ng pagiging Alkalde sa pamamagitan ng Pulutong ng Kamatayan sa Davao ("Davao Death Squad").
    - Bilang 2: Mga Pagpatay ng Pangunahing mga Pinupunturiya habang sa panahon ng Pagkapangulo.
    - Bilang 3: Mga Pagpatay at tinangkang mga pagpatay sa operasyong pangseguridad ng *barangay* habang sa panahon ng Pagkapangulo.

## Mahalagang desisyon at kaganapan sa hudikatura

### PAGSIMULA NG IMBESTIGASYON

Noong ika - 24 ng Mayo 2021, ang Tanggapan ng Tagausig ng ICC ("the Prosecution") ay humiling ng pahintulut galing sa Kamara para magsimula ng imbestigasyon hinggil sa mga krimen na umano'y nagawa sa teritoryo ng Pilipinas sa konteksto ng giyera laban sa druga ("war on drugs") na kampanya na itinataguyod ng Gobyerno ng Pilipinas sa pagitan ng ika - 1 ng Nobyembre 2011 at ika - 16 ng Marso 2019. Noong ika - 14 ng Hunyo 2021, ang kahilingan ng Prosekusyon ay isinapubliko. Noong ika - 15 ng Setyembre 2021, ang Unang Kamara para sa mga pagdinig bago ang paglilitis ("Pre-Trial Chamber I"), ay nagbigay ng pahintulot para sa imbestigasyon.

Noong ika - 18 ng Hulyo 2023, alinsunod sa kahilingan ng mga awtoridad ng Pilipinas hinggil sa pagpapaliban at pansamantalang paghinto ng mga gawaing imbestigatibo, ang Kamara para sa Apela ng ICC ay nagpahayag sa kanyang hatol na nagkumpirma tungkol sa desisyon ng Kamara hinggil sa pagbigay ng pahintulot para sa Prosekusyon upang muling simulan ang imbestigasyon na may kinalaman sa kalagayan ng Pilipinas.

Ang Pilipinas, ay isang Kasaping Estado ng ICC galing ng ika - 1 ng Nobyembre 2011, naghain ng nakasulat na abiso hinggil sa pag-atras galing sa Batas noong ika - 17 ng Marso 2018. Sa ilalim ng artikulo 127 ng Batas, ang pag-atras na iyan ay nagkaroon ng bisa noong ika - 17 ng Marso 2019. Gayunpaman, nananatili ang hurisdiksyon ng ICC hinggil sa mga krimen na umano'y nagawa sa Pilipinas habang ang bansa ay isang Kasaping Estado ng Batas.

### ANG MANDATO NG PAG-ARESTO

Noong ika - 10 ng Pebrero 2025, ang Prosekusyon ay humiling ng mandato ng pag-aresto laban kay Ginoong Duterte hinggil sa mga krimen laban ng sangkatauhan na pagpatay, pagpapahirap at panggagahasa. Matapos suriin ang materyal na isinumite ng Prosekusyon, nakita ng Unang Kamara para sa mga pagdinig bago ang paglilitis ("Pre-Trial Chamber I"), ang mga makatuwirang batayan para maniwala na si Ginoong Duterte ay indibidwal na mananagot bilang hindi direktang kasabwat hinggil sa krimen laban sa sangkatauhan na pagpatay, na umano'y nagawa sa Pilipinas sa pagitan ng ika - 1 ng Nobyembre 2011 at ika - 16 ng Marso 2019.

Ang mandato ng pag-aresto laban kay Ginoong Duterte ay inilabas ng Kamara bilang "Sekreto" noong ika - 7 ng Marso 2025 at muling ikinategorya bilang "Publiko" noong ika - 11 ng Marso 2025.

### SUMUKO

Noong ika - 12 ng Marso 2025, isinuko si Ginoong Duterte sa Internasyonal na Korte para sa Krimen, matapos arestuhin ng mga awtoridad ng Republika ng Pilipinas alisunod sa mandato ng pag-aresto na inilabas ng Unang Kamara para sa mga pagdinig bago ang paglilitis ("Pre-Trial Chamber I"). Sa kasalukuyan, siya ay nasa kustodiya ng ICC.

### UNANG PAGHARAP SA KORTE

Ang unang pagharap sa Korte ni Ginoong Duterte ay naganap noong ika - 14 ng Marso 2025 sa harap ng Unang Kamara para sa mga pagdinig bago ang paglilitis ("Pre-Trial Chamber I"). Humarap si Ginoong Duterte sa pagdinig sa pamamagitan ng "video link" galing sa ICC Sentro ng Detensyon, batay sa pahintulot ng Kamara. Kinumpirma ng Kamara ang pagkakakilanlan ng pinaghihinalaan at tiniyak na malinaw na ipinaalam sa kanya ang mga krimeng umano'y ginawa niya at tungkol sa kanyang mga karapatan sa ilalim ng Batas ng Roma ng ICC sa lengguwaheng lobos na kanyang nauunawaan at nasasalita.

### PAGDINIG HINGGIL SA KUMPIRMASYON NG MGA SAKDAL

Noong ika - 8 ng Setyembre 2025, ipinagpaliban ng Unang Kamara para sa mga pagdinig bago ang paglilitis ("Pre-Trial Chamber I"), patungkol sa pagsisimula ng pagdinig sa kasong ito, na nakatakdang magsisimula noong ika - 23 ng Setyembre 2025.

Alinsunod sa kahilingan na nagmula sa Depensa ni Ginoong Duterte hinggil sa walang tiyak na pagpapaliban ng mga pagdinig, na sinasabing hindi maganda ang kalagayan ng kalusugan ni Ginoong Duterte para humarap sa paglilitis, itinuturing ng karamihan ng Kamara na nararapat ang pansamantalang pagpapaliban ng pagdinig hinggil sa kumpirmasyon ng mga sakdal upang mabigyan ng sapat na panahon para sa pagpapasya hinggil sa kahilingan at mga kaugnay na usapin.

Noong ika - 26 ng Enero 2026, nakita ng Unang Kamara para sa mga pagdinig bago ang paglilitis ("Pre-Trial Chamber I"), na mabuti ang kalusugan ni Ginoong Rodrigo Roa Duterte upang makilahok sa mga pagdinig at sa mga proseso bago ang paglilitis ("Pre-Trial Proceedings") at itinanggi ng Kamara ang kahilingan ng Depensa hinggil sa walang tiyak na panahong pagpapaliban. Binigyan ng kahalagahan ang mga kaugnay na prinsipyong legal, ang pang-medikal na pagsusuri galing sa tatlong mga ekspertong medikal at lahat na may kaugnayang mga pangyayari sa kaso, nakontento ang Kamara na si Ginoong Duterte ay malusog upang magamit ang kanyang pangdinig at pangprosesong mga karapatan at dahil dito'y karapat - dapat siyang makilahok sa mga pagdinig at sa mga proseso bago ang paglilitis ("Pre-Trial Proceedings"), na sa ngayon ay ipinagpatuloy.

Ang pagdinig hinggil sa kumpirmasyon ng mga sakdal ay nangyari galing sa ika – 23 hanggang ika – 27 ng Pebrero 2026. Noong ika – 23 ng Abril 2026, ang Unang Kamara para sa mga pagdinig bago ang paglilitis ("Pre-Trial Chamber I") ay nagkakaisang kinumpirma ang lahat na mga sakdal na iniharap sa pamamagitan ng Tagausig laban kay Rodrigo Roa Duterte at ipinag-utos na isailalim siya sa paglilitis sa harap ng Kamara ng Paglilitis. Nakita ng Unang Kamara para sa mga pagdinig bago ang paglilitis ("Pre-Trial Chamber I") na may sapat na katunayan upang maitatag ang mga makabuluhang basehan upang maniwala na si Ginoong Duterte ay may kriminal na pananagutan para sa tatlong bilang ng krimen laban sa sangkatauhan (pagpatay at tinangkang pagpatay) na ginawa sa Pilipinas galing ng hindi bababa sa ika – 1 ng Nobyembre 2011 hanggang ika – 16 ng Marso 2019 bilang hindi direktang kasabwat sa paggawa ng krimen, at / o para sa pag-utos at / o paghihikayat, at / o sa pagtulong at pag-uudyok sa paggawa ng mga krimen, sa ilalim ng mga artikulo 25(3)(a), (b) at (c) ng Batas ng Roma.

### PAGLILITIS

Noong ika – 24 ng Abril 2026, ang Pagkapangulo ng ICC ay bumuo ng Paglilitis na Kamara III, upang mangangasiwa sa kasong ito. Ito ay binuo ng Pinunong Hukom Joanna Korner, Hukom Keebong Paek at Hukom Nicolas Guillou.

Ang pagsisimula ng paglilitis ay nakatakda sa ika – 30 ng Nobyembre 2026. Bago magsisimula ang paglilitis, tatalakayin ng Kamara ang lahat ng nakabinbing usapin at magpapatibay ng mga kinakailangang pamamaraan upang mapadali ang makatarungan at mabilis na paggawa ng mga pagdinig at mga proseso.

## PAGLAHOK NG MGA BIKTIMA

Pinayagan ng mga Hukom ang 539 na mga biktima na lumahok sa mga pagdinig at sa mga proseso ("Proceedings"). Sa kasong ito, ang mga Hukom na itinalaga ay sina Joel Butuyan at Gilbert Andres, pati na rin si Paolina Massidda sa Tanggapan ng Pampublikong Abogado para sa mga Biktima ("the Office of the Public Counsel for Victims ('OPCV')" bilang iisang kuponan ng magkakabahaging kinatawan ng batas para sa kahit sinong tinanggap na mga biktima.

---

**Kabuuan ng Kamara ng Paglilitis III**
Hukom Joanna Korner (Pinunong Hukom)
Hukom Keebong Paek
Hukom Nicolas Guillou

**Mga Lehitimong Kinatawan ng mga Biktima**
Joel Butuyan
Gilbert Andres
Paolina Massidda

**Representasyon ng Tanggapan ng Tagausig**
Mame Mandiaye Niang, Pangalawang Tagausig

**Depensang Abogado**
Peter Haynes KC, Pinunong Abogado
Kate Gibson, Kasamang Abogado